
1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5:

## Paghahambing sa Karanasan at Kuwento sa Búhay




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_AP1_Module5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Paghahambing sa Karanasan at Kuwento sa Búhay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Editha V. Blas, Marjorie D. Pilon

**Editor:** Joy C Gabriel, Editha Dimarucot, Leonora L.Tuason

**Tagasuri:** Elizabeth R Berdadero, Jenelyn B. Butac, Richard O. Ponhagban

**Tagaguhit:** Roberto V Duldulao Jr

**Tagalapat:** Jenelyn Bolante-Butac

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng __________________________**

**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5:

## Paghahambing sa Karanasan at Kuwento sa Búhay

CO_Q1_AP1_Module5

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga pagpapatuloy at pagbabago sa buhay ng isang bata. Ang mga katulad mong bata ay may iba't ibang karanasan na maibabahagi sa iba na maaaring mapulutan ng aral at makapagpaunlad sa sarili.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Naihahambing ang sariling kuwento o karanasan sa bύhay sa kuwento at karanasan ng mga kamag-aral bilang miyembro ng pamilya gaya ng kapatid, mga magulang (noong sila ay nasa parehong edad), mga pinsan, at iba pa; o mga kapitbahay.

## *Subukin*

**Panuto:** Iguhit ang iyong pamilya sa kahon. Bilugan ang angkop na salita upang mabuo ang bawat pangungusap na nagpapakilala sa iyong pamilya.

Ito ang aking pamilya.
Ang aking pamilya ay (malaki, maliit)
Natatangi ang aking pamilya dahil (inaaway, nirerespeto) namin ang isa't isa.
Mahal ko ang aking pamilya.

Rubrik sa Pagguhit


| **Krayterya** | 5 | 4 | 3 | 2 | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkamalikhain | Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa paghahanda | Naging malikhain sa paghahanda | Hindi gaanong naging malikhain sa paghahanda | Walang ipinamalas na pagkamalikhain sa paghahanda | |
| Organisasyon | Buo ang kaisipan, konsistent, kumpleto ang detalye at malinaw | May kaisahan at sapat na detalye at malinaw na intensyon | Konsistent, may kaisahan, kulang sa detalye | Hindi ganap ang pagkakabuo | |
| Kaangkupan sa paksa | Angkop na angkop ang larawan sa paksa | Angkop ang larawan sa paksa | Hindi gaanong angkop ang larawan sa paksa | Hindi angkop ang larawan sa paksa | |

| Modyul 1 | Paghahambing sa Karanasan at Kuwento sa Bu̇hay |
|---|---|

Ang bawat bata ay may sariling kuwento o karanasan sa bu̇hay na dapat maibahagi sa kamag-aral at kapamilya upang maging kapaki-pakinabang sa kanyang paglaki.

## BALIKAN

**Panuto:** Bilugan ang bawat larawan na pinupuntahan ng iyong buong pamilya.












## *Tuklasin*

**Panuto:** Suriin ang bawat larawan. Kulayan ang pamilya na katulad ng pamilyang mayroon ka. Iguhit naman sa kahon ang iyong pamilya kung wala sa mga sumusond ang katulad ng sa iyo.









# Suriin

Ang batang tulad mo ay may iba’t ibang karanasan at kuwento sa bύhay. Maging ang mga miyembro ng pamilya, kaibigan at kapitbahay ay magkakaiba rin ang naging karanasan. Ngayong ikaw ay nasa unang baitang, maraming bagay ka nang nagagawa katulad ng pagtulong sa magulang sa mga gawaing bahay. Nakapamamasyal sa iba’t ibang lugar. Naaasikaso na ang sarili na walang patnubay ng magulang.

**Panuto: Basahin ang kuwento.**

**Si Buboy, Bibong Bibo**

Ni: Marjorie D Pilon

Sabado ng umaga. Maaliwalas ang paligid. Bawat sulok ng bahay ay tila may siglang nararamdaman.

Ang anim na taong si Buboy ay maagang nagising, nag-ayos ng kumot at unan at tumulong sa paghahanda ng plato sa hapagkainan.

“Aba!, Ang sipag naman ng anak namin” ang puri ni Aling Mina kay Buboy.

“Salamat po nanay. Si tatay raw po kasi noong anim na taong gulang pa lamang siya ay tumutulong na po kina lolo at lola,” paliwanag ni Buboy sa ina.

“Ay oo anak, maging ako ay katulad ng tatay mo noong ako ay nasa iyong edad. Naliligo at kumakain ako na walang tulong ang nanay at tatay ko,” pagmamalaki ni Aling Mila.

“Ako rin po ‘nay di ba? Hindi mo na ako pinapaliguan at sinusubuan?” pagmamalaki din nito sa ina.

At masiglang nakinig si Buboy sa mga kuwento ng kaniyang nanay.

“Sina kuya at ate po ba ay ganito rin po noong nasa unang baitang sila?”, tanong ni Buboy.

Ngumiti ng bahagya si Aling Mila at sinagot ang anak,” Oo anak, tinuruan rin kasi naming sila na maging masipag at masunurin sa magulang kagaya mo.”

“O Buboy, maghugas na ng kamay para makakain na tayo at naghihintay na ang lolo’t lola mo sa *mall*. Mamasyal daw tayo at kakain sa labas,” ang sambit ni Mang Tonyo.

“Yey!, masayang sigaw ni Buboy.

Natapos ang araw nang may ngiti ang buong pamilya lalong-lalo na si Buboy na ngayon ay bibong-bibo.

**Panuto:** Sagutin ang bawat katanungan. Bilugan ang letra ng wastong sagot.

1. Sino ang batang nabanggit sa kuwento.?
   a. Si Tonyo.
   b. Si Buboy.
   c. Si Mila.

2. Ilang taon na si Buboy?
   a. apat
   b. anim
   c. lima

3. Ano ano ang mga kayang gawin ni Buboy?
   a. mag-ayos ng kumot at maligo mag-isa
   b. maglaba ng damit at mag-igib ng tubig
   c. magluto ng ulam at magdilig ng halaman

4. Bukod sa kaniya, sino pa ang katulad niyang masipag at masunurin noong sila ay nasa unang baitang?


a. sina ate at kuya
b. mga pinsan
c. mga kapitbahay

5. Sa iyong palagay, masaya ba ang mga magulang ni Buboy?


a. Oo, sapagkat masunurin at masipag ang mga anak.
b. Oo, sapagkat magkakasama silang namasyal sa parke.
c. Hindi, sapagkat hindi pa marunong mamalengke at maglaba ang mga anak.

## Pagyamanin

**Panuto:** Suriin ang bawat larawan. Kulayan ang larawan kung ito ay ginagawa mo ngayon at ginagawa rin ng mga magulang at kapatid mo noong sila ay nasa edad mo.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 


## Isaisip

Tandaan na ang bawat karanasan kasama ng iyong pamilya ay tumutulong para hubugin ang iyong pagkatao na makatutulong sa iyong kinabukasan.

## Isagawa

**Panuto:** Gumupit/Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita ng iyong karanasan ngayon na naging karanasan din ng iba pang miyembro ng pamilya.

## Tayahin

**Panuto**: Suriin ang bawat pangungusap. Iguhit ang  sa patlang ng bawat pangungusap na nagsasabi ng totoo tungkol sa pamilya.

______1. Ang bawat pamilya ay may angking katangian sa iba
______2. Itago sa iba ang pamilya na iyong kinabibilangan.
______3. Ipagmalaki ang mga karanasan na kasama ang iyong pamilya
______4. Mahalin at alagaan ang bawat miyembro ng pamilya.
______5. Igalang ang pamilya ng iyong kaibigan

## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Maghanap ng larawan o gumuhit ng gawain na nais mong maranasan na kasama ng buong pamilya.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**
Iba-ibang kasagutan

**Tuklasin:**
Iba-ibang kasagutan

**Suriin:**

1. B
2. B
3. A
4. A
5. A

**Pagyamanin:**
Iba-ibang kasagutan

**Tayahin:**
Lagyan ng masayang mukha ang bilang 1,3,4,5

**Isagawa:**
Larawan ng isang pamilya na nagpapakita ng isang masayang karanasan

**Karagdagang Gawain**
Larawan ng masayang pamilya

## Sanggunian

K to 12 Gabay Pangkurikulum Araling Panlipunan Baitang 1-10. (2016).

Miranda, N. P. (2017). Araling Panlipunan-Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral. Geumcheongu, Seoul, Korea: Prinpia co., Ltd.

dirciligan.weebly.com

filipinoproject01.blogspot.com

rexinteractive.com

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph